

# 1

Mula sa bintana ng isang silid ay makikita ang dalawang nilalang habang magkaniig. Even as she felt the building sensation just above her groin, Janet didn't want to shut her eyes. She needed to see Mikhail's face as he feels the same torturing pleasure as their bodies joined together as one. Kailangan niyang makita iyon dahil sa mga ganitong pagkakataon lang niya nakikita at nahahawakan ang pagkatao ng nobyo.

Through hazy eyes, nakita niya na bahagya itong nagmulat ng mga mata upang tingnan siya.

*Yes, look at me, look only at me,* she thought miserably.

He leaned down, reached out a hand, brought her face to his then kissed her hard and fast, just as hard and as fast as his thrusts inside her. She clutched at his shoulders tightly, her back arching involuntarily to allow her hips to meet his forceful thrust fully, then, she felt herself tightened around him as the searing sensation escalated in her. She kissed him back just as hard—hoping, wishing and praying for these very moment to last—ang mga sandaling iyon kung kailan

si Mikhail lang ang nakikita at nararamdaman niya, at siya rin lang ang nararamdaman at nakikita nito.

Pero hindi nagtagal at naramdaman niya ang tila pagsabog ng mainit na likido sa kanyang kaibuturan, rendering her body numb and paralyzed with the earth-shattering sensation that shoot out to every fiber of her being.

Even after her climax, he continued to thrust harder, faster and deeper till he reached his own climax. And then he thrust himself as hard and as deep as he could into her one last time.

Spent, nanatili sila sa ganoong posisyon ng ilang segundo hanggang sa umalis ang binata mula sa ibabaw niya at patihayang humiga, blangko at walang buhay ang mga matang nakatitig sa kisame. Napapikit nang mariin si Janet habang pinipilit na kontrolin ang mapait na emosyong sumaklob sa kanya.

Eto na naman sila.

Dapat sanay na siya sa ganito, dapat sanay na siya na pagkatapos ng mainit na pagniniig, lalayo si Mikhail kung saan hindi niya ito maabot. She raked her short wavy hair away from her face and looked at him, his expression devoid of emotion.

“Mikhail...” mahinang tawag niya kahit

nasasaktan.

Mabilis itong bumangon at umupo sa kama. Dinampot nito ang kaha ng sigarilyo na nakapatong sa nightstand at kumuha ng isang stick.

“Nasabi ko na ba sa ‘yo na may ni-recommend na antique shop si Edmund? Good thing hindi pa tayo nakakabili ng gift para kay Ma’am Diaz for tomorrow’s party. Ako na lang ang dadaan para bumili bago tayo pumunta d’on,” sabi nito habang nanatiling nakatalikod sa kanya. Janet felt her heart twisting. Alam niyang hindi siya nito titingnan ulit at iiwasan din nito ang kahit na anong intimate conversation.

Kinuha nito ng lighter upang sinindihan ang stick na nasa bibig na niya pero bago pa nito magamit iyon, mabilis na niyang naagaw ang sigarilyo.

“Ilang beses ko bang sasabihin sa iyo na sa bawat stick ng sigarilyo na nauubos mo ay nababawasan din ng limang minuto ang buhay mo!” paalala niya, walang bahid ng tunay niyang nararamdaman ang makikita sa kanyang mukha.

“Hey, Janet, come on—” Tinangka nitong bawiin ang sigarilyo, pero nalamukos na niya iyon. Mabilis niyang kinuha ang buong cigarette pack mula sa

nightstand at piniga iyon na para bang nilabhang damit.

“You know smoking helps me think,” patuloy na protesta ng lalaki. Iyon lagi ang depensa nito sa paninigarilyo dahil bilang isang top rated composer at recording producer, his mind is constantly spinning around.

“Lawyer ako and I think as much as you do, pero hindi ko kailangan ng sigarilyo, ‘no!’”

“Fine! Hindi na talaga ako nanalo sa ‘yo,” inis nitong sabi pero tumatawa ito.

*Good, he’s smiling again, he’s normal now.*

Nakahinga nang maluwag si Janet. At times like this, ganito lang ang kaya niyang gawin, she can only try to lighten the mood dahil iyon lang ang paraan upang muli siyang tingnan at kausapin nito pagkatapos nilang magtalik. Masakit pero kailangan niyang tiisin, after all, siya ang may kasalanan kung bakit ganito sila.

May sasabihin pa sana siya pero hindi na niya naituloy dahil sa pag-ring ng telepono. Pinindot niya ang speaker phone.

“This is Mikhail’s residence, who’s on the line?”

“Janet? Sabi ko na nga ba nand’yan ka; hindi kasi kita ma-contact sa pad mo, eh. Si Gela ito.” Napakunot-noo siya.

“Yes, Gela, ako nga.” Classmate nila noong high school si Gela at ito ang organizer ng gathering nilang magkaklase na itataon sa birthday ng kanilang senior class adviser na si Mrs. Lourdes Diaz bukas.

“Ah, kasi may news ako which I think would interest you.” Janet and Mikhail rolled their eyes. Gossip queen kasi si Gela noong high school. Pero sa ipinagtataka niya, ano naman kaya ang gusto nitong itsismis sa kanya samantalang hindi sila naging malapit sa isa’t isa. Curious tuloy siya kung bakit nais siyang makausap nito at mukhang talagang hinanap pa nito kung saan siya matatawagan.

“What is it?” naiinip niyang tanong.

“Remember Hanna? I got news na pupunta rin siya—”

Hindi na niya narinig ang iba pang sinabi ni Gela, her whole being was engulfed with a bone-chilling coldness that has nothing to do with the air-conditioning system in the room. Kahit ayaw niya, kusang napadako ang kanyang mga mata kay Mikhail. Natigilan din ito, and his eyes were wide

and refused to meet hers.

*Narito na ang punishment ko.* Janet thought as she felt herself drowning in the dark and murky waters of her heart.

---

“Janet, you don’t look okay.” Kahit narinig niyang nagsalita ang kapwa abogado niya, hindi itinaas ng dalaga ang mga mata mula sa binabasang case brief tungkol sa kasong libel na isinampa ng kliyente niya laban sa isang newspaper.

“I’m okay, Dave, hindi lang ako nakatulog nang maayos kagabi,” walang gana niyang sagot. Naupo si Dave sa couch sa gilid ng office ni Janet then smiled mischievously.

“Bakit? Hindi ka pinatulog ng boyfriend mo?” She looked up and stared dryly into the handsome face of one of her partners in the law firm.

“Dave, I have a client meeting mamayang one thirty ng hapon, I need to read this kaya p’wede iwan mo muna ako?”

“Ouch! How rude!” exaggerated nitong sabi, sabay tayo sa couch at lumapit sa mesa niya.

“Hey!” protesta niya when he held her chin and

tilt it up to meet his eyes.

“Seriously, Janet, you look like hell. Take a day off,” seryosong saad nito.

“I said I’m okay,” pilit niya.

“Talaga? Eh, bakit kanina ka pa nagbabasa d’yan, pero hindi mo nililipat ‘yung page? Kanina pa ‘ko nakatayo dito.”

Totoo ang sinabi nito, halos isang oras na niyang binabasa ang page na iyon, pero walang pumapasok sa utak niya.

“Take a rest. Walang mangyayari sa ginagawa mo,” anito.

Napabuntong-hininga siya. Kailangan nga siguro niyang magpahinga. “Perhaps you’re right. Okay, I’ll take a day off.” Dave smiled and patted her head affectionately then left the room.

Nang makaalis ito, naisubsob ni Janet ang mukha sa kamay niya, at hinayaan ang sariling isipin ang bagay na gumugulo sa kanya nang nakaraang gabi pa mula nang tumawag si Gela.

*She’s back. Hanna’s back.* After everything that Janet did, nagbalik pa rin ito. She smiled bitterly. *Mukhang talagang para sila sa isa’t isa. Should I let go?*

*Bad Love - Ella Gualvez*

---

Mariin niyang kinagat ang pang-ibabang labi at hinayaang tumulo ang luha.



## 2

Ten years ago....

“Janet! Janet!” Gulat na napalingon ang sixteen-year-old na si Janet sa direksyon na pinanggalingan ng tinig. Nasa school grounds na siya nang sandaling iyon. Nakita niya si Mikhail na tumatakbo palapit sa kanya. Humihingal na niyakap siya nito nang mahigpit sa leeg, naramdaman niya ang mainit na paghinga nito roon at hindi niya napigilan ang pag-init ng pisngi.

“Aray, ano ba!” angal niya upang pagtakpan ang pamumula.

“You’re mean, bakit iniwan mo ‘ko?” reklamo nito.

“Eh, ang bagal mo kasi. Ayokong ma-late sa first day of classes ng fourth year ko, ‘no!” Pilit niyang tinatanggal ang braso nito sa leeg niya, pero lalo lang nitong hinigpitan ang yakap sa kanya.

Tiningnan siya nito. “Hey, what’s wrong with you? Kung umarte ka, para namang we don’t touch each other more than this.” Nanlaki ang mga mata ni Janet sa sinabi nito, ganoon din ang mga schoolmates

nila na naglalakad malapit sa kanila at narinig ang mga salitang binitiwang ni Mikhail.

“Nagbibiro lang siya, Guys! Magkababata kasi kami kaya don’t take him seriously!” baling niya sa nagulat na mga kaeskuwela. Nakahinga siya nang maluwag nang patuloy na naglakad ang mga ito at hindi na sila pinansin. “Sira-ulo ka talaga!” inis niyang baling kay Mikhail at marahas na inalis ang braso nitong nakayakap sa kanya.

“Come on, ano ba’ng pakialam natin sa sasabihin nila?”

He grinned at her. Damn, helpless talaga siya sa ngiti nito. Helpless siya against everything about him—his hazel eyes and brown hair na mula sa Russian blood nito sa lolo, isang contrast sa tan skin nito, his lean tall frame, his firm thin lips....

*Oh, crap!*

Mabilis na pinutol ni Janet ang delikadong pinupuntahan ng isip niya. Binilisan niya ang paglalakad. Nagkibit-balikat lang si Mikhail at sumunod na sa kanya.

---

“Hey, are you sure dito ka nag-aaral?” Napalington

si Janet sa sarkastikong boses na narinig niya habang naglalakad sila ni Mikhail sa corridor ng building na kinaroroonan ng classrooms nila.

“You don’t fit here,” sabi pa ng isa sa dalawang babae na sa tingin niya ay nambu-bully doon sa isa pang babae.

*Mean girls*, naisip niya. Parang manika ang babaeng binu-bully ng mga ito. She was the ideal female appearance for Janet. She looked very fragile with her white skin, straight long brown hair and small but rather curvy frame, isang malaking contrast sa kanya—itim at wavy ang mahaba niyang buhok, morena ang kanyang balat at matangkad para sa isang average Filipina with her 5”6” height na nakadagdag lang sa very domineering niyang aura.

Unlike the other girl, Janet looked very intimidating with her snobbish, confident if not haughty way of walking and talking. Pero normal lang naman na maging ganoon siya; after all, she came from a rich family. Ang kanyang ama ang may pinakamalaking shares of stock sa school nila. Halos lahat ng mga estudyanteng nag-aaral sa kanilang paaralan ay galing sa upper middle-class families, and sad to say, mga brats kagaya ng dalawang babaeng ito na binu-bully ang magandang kausap ng mga ito.

She felt upset sa ginagawa ng dalawa at hindi niya maiwasan na lingunin ulit ang tatlong babae. Sa ginawa niyang iyon ay doon lang niya napansin na mukhang luma pala ang lahat ng suot ng fragile-looking na estudyante, from her school bag to her uniform to her shoes and socks.

“Janet, I’ll see you later, okay?” pukaw ni Mikhail na nagpabalik sa atensyon niya rito. Tumakbo na ito papuntang second floor dahil doon matatagpuan ang classroom nito.

“S’an ka pupunta?” habol niya rito. Tumawa ito.

“Ano ka ba? Nakalimutan mo na bang magkaiba na ang section natin?” Umakyat na ito sa hagdanan.

Oo nga pala, naisip niya. Ngayon fourth year high school na sila, magkaiba na ang section nila ni Mikhail. Hindi kasi ito mahilig mag-aral at mas gustong maggitara, mag-piano, mag-violin at magsulat ng mga kanta kaya tuloy napunta ito sa section B habang si Janet naman sa section A. Nakakapanibago iyon dahil mula preschool ay magkasama na sila sa iisang klase. Feeling strange not to have him walk with her to class, mabibigat ang paang tinungo niya ang kanyang classroom.

At sa klaseng iyon, classmates pala niya ang

tatlong babaeng nakita niyang nag-uusap kanina sa corridor.

“Look at her, ang kapal ng mukhang mag-enroll dito samantalang janitor lang ‘yung tatay niya rito. Ilusyonada.”

Janet chewed her lower lip. Kanina pa iniinsulto ng dalawang babae sa harap niya si Hanna, ang kausap na mga ito kanina. Nakaupo ang huli sa dulo ng isang row malapit sa bintana.

Nag-focus na lang siya sa math seatwork nila at hindi na pinansin ang mga ito, pero hindi niya mapigil ang sarili na lingunin paminsan-minsan si Hanna.

---

Janet absent-mindedly stroked the fur of the stray cat she brought home as she solves the math assignment in the living room of Mikhail’s house. The cat purred, obviously liking her caress.

“Dammit, Janet! Ang ingay niyang pusa mo!” Tinapunan niya ng masamang tingin ang kababatang nakadapa sa carpeted floor habang nagpa-paint ito ng kanilang art project. Halos one week na mula nang magsimula ang klase at ngayon ay tinambakan na sila ng mga assignments at projects kaya heto sila at ginagawa ang mga iyon. Gaya ng nakagawian

since grade school, siya ang gumagawa ng analytical subjects gaya ng math at science habang kay Mikhail naman nakatoka ang mga art, handicraft projects at writing assignments.

“Make it shut up or I’ll throw it out,” banta nito.

“Subukan mo lang at itatapon ko rin ‘yang gitara mo! At saka bakit ba ang init-init ng ulo mo kay Poochie?” Protective na niyakap niya ang napulot na pusa. He snorted.

“Wow, may pangalan na pala ‘yang bago mong ampon. Grabe, ilan na ba ang pusa at aso n’yo sa bahay, Janet? Buti sana kung may breed ang mga ‘yon kaso lahat galing ng kalye.”

Totoo ang sinabi ni Mikhail, mula pa kasi pagkabata, mahilig na si Janet na mag-uwi ng mga aso at pusa galing kalye. Somehow, hindi niya matiis na makakita ng napabayaang hayop, alam kasi niya kung ano ang pakiramdam ng mapabayaan.

Ang early childhood memories niya ay ang pagkain nang mag-isa sa mahabang dining table sa malaki nilang bahay, ang pag-iyak sa gabi habang mahigpit na yakap ang unan hanggang sa makatulog siya at ang paglalaro sa kuwarto niya ng magaganda niyang manika hanggang sa mapagod at maasar siya

sa mga mukha ng laruang iyon at ihagis ang mga ito sa dingding.

There were no memories of laughters; there were only fights between her parents, cold stares and loneliness, kaya naman hindi na siya nagulat nang mag-file ng annulment ang mga magulang niya upang mapawalang-bisa ang kasal ng mga ito.

Needless to say, ito ang dahilan kung bakit very sympathetic si Janet sa mga nag-iisa at kawawang hayop.

“Ano naman kung galing lang sila sa kalye? Hindi ko kailangang bumili ng may breed na aso o pusa para alagaan dahil sigurado namang mabubuhay sila nang maayos kahit di ko sila bilingin. Ang mga kagaya ng pusang ito ang mas nangangailangan.” depensa niya sa mga alaga.

“Nangangailangan, my ass! Kung mamatay sila sa kalye, pabayaan mo sila. Destiny nila ‘yun—aray, Janet!” Hinampas niya ito ng libro at pinandilatan.

“Anong destiny? Walang destiny, tao ang gumagawa ng buhay nila. I will not let these animals die when I can do something to help them!” she said heatedly.

“Mikhail! Ano na naman ang ginagawa mo kay

Janet?” Mrs. Valdez strode toward them, carrying a tray full of goodies and drinks. Inilapag nito iyon sa center table bago niyakap si Janet at pinandilatan din ang anak.

“Talaga naman, o. Seriously, Ma, sino ba ang anak mo?” naiiling na angal ng binatilyo na kumuha ng baso ng carrot juice at lumagok. Alam nitong itinuturing ng ina na anak si Janet dahil nga magkababata sila at magaan ang loob ng ginang sa kaibigan.

“Siyanga pala, Janet, how are your parents?” tanong ni Mrs. Valdez. Janet shrugged.

“Gan’un pa rin. Si Dad ay hindi na umuuwi since nag-file sila ng annulment, si Mama naman halos hindi na rin tumatapak ng bahay,” sagot niya habang ngumunguya ng cookie.

“Mag-impake ka na kasi at dito ka na tumira.” Kinindatan siya nito. “O sige, maiwan ko na kayo at babalik na ako sa kusina,” anito at naglakad palabas ng living room.

Nag-focus ulit si Janet sa ginagawang math assignment. Ayaw niyang isipin ang parents niya. They’re not worth it.

“Hey, ano’ng iniisip mo?” Napabaling siya sa



kababata, nakakunot-noong nakatitig ito sa kanya.

“What?” tanong niya.

“May tinatago ka ba sa ‘kin?” he asked suspiciously.

“Wala.”

“Liar. Your face looks weird. Siguro may nakaaway ka na naman sa school, tama ba ako? Di ba sabi ko na sa 'yo, mind your own business? Tigilan mo na ang pagse-save sa mga helpless idiots na hinahayaang i-bully sila ng iba!” Maliban sa pag-ampon ng mga pusa at asong kalye, hobby rin ni Janet since grade school ang magligtas ng mga estudyanteng binu-bully sa school.

“Hindi ‘yan totoo,” salungat niya.

“Sigurado ka?”

“Oo nga.”

Mataman siya nitong tiningnan bago tumango. “Good.” Bumalik na ito sa ginagawang pagpipinta.

“Pero mukhang hindi ‘yun magtatagal—”

“Janet!” inis na baling ni Mikhail. Ikinuwento niya rito ang tungkol kay Hanna. “Wag kang makialam, p’wede?” he said as his fingers roughly wiped the sugar from her mouth. Nanlaki ang kanyang mga

mata nang dilaan nito ang mga daliring ipinampunas sa asukal mula sa labi niya. Walang anu-ano ay ipinunas iyon sa kanyang braso.

“Yuck! Kadiri ka! Kadiri ka!”

Tumawa ito nang malakas.

---

“Are you sure it’s okay that we left her there?” Although mahina, malinaw na narinig ni Janet ang bulungan ng dalawang babae mula sa loob ng isa sa mga cubicles ng girl’s rest room nang lalabas na sana siya matapos maghugas ng kamay. Naningkit ang kanyang mga mata at nagtagis ang mga bagang niya sa naisip na may ginawang kalokohan ang mga ito.

“Chill out, Dorry, it’s not like mamamatay siya kung makulong siya d’on ng ilang oras.” Kilala niya ang boses ng dalawang nag-uusap; ang mga ito ang nambu-bully kay Hanna.

“You’re right, it’s not like Hanna will—” Sabay na napatili ang dalawang babae sa biglang pagbukas ni Janet ng pinto ng cubicle.

“Nas’an si Hanna?” Kalmado pero may bahid ng pagbabanta ang tono niya.

“What do you—”

“Spit it out kung ayaw n’yong ma-expel. Just in case na nakalimutan n’yo, father ko ang major shareholder sa school na ‘to,” paalala niya.

Takot na nagkatinginan ang dalawang kaklase niya.

Nang malaman niya kung saan ikinulong ng mga ito ang kanilang kaklase, nagmamadali niyang nilisan ang rest room upang tulungan si Hanna.

“Hanna! Hanna!” Janet called out as she started to unlock the door of the storage room.

“Andito ako! ‘Andito ako! Tulungan n’yo ako! Madilim! Madilim!” Nang mabuksan niya ang pinto ng maliit at madilim na storage room, nanginginig at umiiyak na yumakap nang mahigpit si Hanna sa kanya.

“It’s okay, it’s okay,” alo niya pero hindi niya ito mapakalma. Hanna kept crying and shivering uncontrollably. Dahil hindi alam ang gagawin, dinala na niya ito sa school clinic.

---

“Salamat, Ma’am, sa pagdadala mo sa anak ko rito. May phobia kasi siya sa madidilim at masisikip na lugar, eh,” hindi magkandaugaga sa pagpapasalamat

si Mang Ipe kay Janet. Ito ang janitor ng school nila at ama ni Hanna.

Nang malaman nito ang nangyari sa anak, nagpunta kaagad ito sa clinic upang damayan ang babae.

“Noong bata pa kasi si Hanna, nakulong siya sa aparador habang naglalaro ng taguan kasama ‘yung mga kalaro niya kaya ayun, nagkaroon siya ng ganoong takot,” kuwento ng lalaki habang hinihintay nila ang sasabihin ng nurse.

Binigyan si Hanna ng pampakalma ng school nurse nila at pinayuhang magpahinga muna at umuwi, pero nagpilit itong pumasok pa rin sa afternoon classes nila. Kahit si Mang Ipe ay hindi ito napilit kaya pinabayaan na lang nila ang babae sa nais nito.

“Hanna, lunchtime na; sabay na tayo.” Hinawakan ni Janet sa braso ang kaklase habang naglalakad sila pabalik sa classroom nila galing clinic. Tila napasos si Hanna sa paghawak niya at awtomatiko nitong binawi ang braso. Tiningnan siya nito na para bang tinubuan siya ng dalawang ulo. Natawa siya.

“What’s with the expression? Come on, sabay na tayo mag-lunch,” ngiti niya, pero hindi nagbago ang

expression nito. Sinamantala niya ang pagtahimik nito at hinila ito papunta sa room nila, Muli ay binawi nito ang braso.

“Hey, come on, Hanna, hindi naman ako nangangagat—”

“Bakit mo ‘ko kinakausap?” There was wariness and suspicion in her eyes as she looked at Janet. Ngumiti ulit siya, madalas niyang makita ang ganitong expression sa mga mata ng mga hayop na pinupulot niya sa kalye, lalo na iyong mukhang sugatan na inabuso ng mga tao.

“Ewan,” kibit-balikat niya. “Siguro kasi walang kumakausap sa iyo?” It was a joke, pero mukhang dinibdib nito iyon at napatungo. Tinitigan niya ito. “Wala ka na bang ibang alam gawin kundi tumango?” Nagulat ito at napatingin sa kanya.

“Lagi ka kasing ganyan kaya tinatapakan at inaabuso ka ng ibang tao, kasalanan mo ‘yan. Ngayon, kung ayaw mong magbago at ayaw mong tulungan kita, bahala ka sa buhay mo.” Mabilis siyang naglakad papalayo rito.

Alam niyang medyo malupit ang ginawa niya, but that’s just the way Janet is. Although madali siyang maawa sa ibang tao, ang paraan niya ng pagtulong ay

hindi laging matamis at madali. Madalas ay parang pag-inom ng mapait na gamot, dahil sa tingin niya ay sa ganoong paraan lang tunay na matututo at makakatayo sa sariling paa ang isang tao. Ganoon kasi siya natuto.

“Sandali,” mahinang tawag ni Hanna, Hinabol siya nito at hinawakan ang braso niya. Napangiti siya.

“It’s okay,” aniya. “Alam kong hindi mo pa kayang lumaban sa mga bullies na ‘yon kaya stick with me and I’ll stand up for you. As long as you want to change, makakaya mo.”

Naiiyak na tumango lang ito. Janet patted her head affectionately. Nagsimula silang maglakad ulit pabalik sa kanilang silid-aralan.

---

“What the heck is this, Janet?” Hindi nag-abalang itago ni Mikhail ang inis na nararamdaman. Lunchtime na at gaya ng nakagawian mula nang magsimula ang senior year nila, pumunta si Janet sa classroom ng kababata upang sabay silang kumain ng lunch. Ang bago lang ngayon ay may kasama siya.

“Ano pa, eh, di kakain!” Hindi niya pinansin ang komento nito at hinila paupo ang kaklase. “Hanna, ‘wag mong pansinin si Mikhail; monthly period kasi

niyan ngayon kaya ganyan—”

“What the—aray! Janet, sumusobra ka na, ha!”  
angal nito nang tapakan niya ito nang madiin sa paa.

“Ano aangal ka pa?” pagbabanta niya rito. Asar na binanatan ng binatilyo ang lunch nito.

Ang magkababata ay paminsan-minsang nag-uusap habang kumakain. Nang matapos ang lunch ay umalis na ang dalawang babae sa classroom ni Mikhail.

Napatingin si Janet sa kaklase. Mula nang mag-lunch sila hanggang sa pagbalik nila sa room, patuloy na walang-imik si Hanna at mukhang depressed. Napabuntong hininga siya at malakas na tinapik ito sa balikat.

“Ano ba, Hanna! Hanggang kailan ka ba magiging depressed?” puna niya sa nagulat na babae. “Look, sabi ko tutulungan kita pero hindi p’wedeng ako lang ang gagawa ng lahat, kailangan tulungan mo rin ang sarili mo. Don’t look so gloomy naman, o.”

Tumango lang ito.

“Hindi p’wedeng tango lang, say yes!”

“Yes,” mahina nitong sagot.

“Lakasan mo!”

“Yes!” medyo malakas nitong sabi.

“Lakas pa!”

“Yes!”

“Lakas pa!” utos niya na nilakasan ang tinig.

“Yes!”

“Mas malakas pa!”

“Yes! Yes! Yes!” Pinagtitinginan na sila ng mga schoolmates sa nakatambay sa corridor dahil sa lakas ng boses nila, pero walang pakialam si Janet. Satisfied, she patted Hanna’s head again at magkakapit-braso na nagpatuloy sila sa paglalakad pabalik ng room nila.

---

Malakas na sumapol sa ulo ng naggigitarang si Mikhail ang notebook na ibinato ni Janet dito.

“Ano ba! Ano na naman ang problema mo?” galit nitong turan habang hinihimas ang ulong tinamaan niya. Naniningkit ang mga mata na pumasok siya sa silid nito at naglakad palapit sa kababatang nakaupo sa kama. Pinaghahampas niya ito ng kanyang bag.



Nahagilap nito ang bag niya bago iyon muling tumama sa katawan nito at marahas na tinapon iyon.

“What’s wrong with you? Kailan ka pa naging asshole?” bulyaw niya habang dinuduro si Mikhail. “Mamamatay ka ba kung magiging mabait ka kay Hanna?” Sumimangot lang ang binata.

“Ano ba’ng magagawa ko? Talagang hindi ako sanay kumain kasabay ang isang total stranger—”

“Bakit, kapag ba ‘yung estrangherong anak ng associate ng tatay mo ay kumain kasabay mo, babastusin mo rin? Cut the crap! You’re being rude only because you can!”

“So what?” arogante nitong balik.

“So what!” Hindi siya makapaniwalang pinandilatan ito. “Ikaw, Mikhail, be nice to Hanna or I’ll never talk to you again!” banta niya bago mabilis na pinulot sa kama ang notebook niyang ibinato sa kababata saka tinungo ang kinabagsakan ng bag bago nagmartsa palabas ng silid.

“F—k!” Mikhail hissed when she left. “Di wag mo ‘kong kausapin, sino’ng tinatakot mo?” Binalikan niya ang pagigitara at muling kinuha ang music sheet.

*“I’ll never talk to you again!”* Umalingawngaw

*Bad Love - Ella Gualvez*

---

sa kanyang isip ang banta ni Janet.

Asar na tinapon niya ang music sheet.